

11

Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

Talaan ng mga Gawain

(Unang Kwarter)

Department of Education

June 2016

**Komunikasyon at Pananaliksik
sa Wika at Kulturang Pilipino
Baitang 11**

Talaan ng Nilalaman

Linggo	Gawain	
1	Araw 1 (Pangkalahatang Kapulungan)	<ol style="list-style-type: none"> 1. Oryentasyon sa bisyon, misyon, at mga layunin ng DepEd 2. Oryentasyon sa bisyon, misyon, mga layunin, programa, pagsisikhay, at polisiya ng paaralan 3. Paglilibot sa mga opisina at pasilidad ng paaralan 4. Mga inaasahan mula sa mga mag-aaral
	Araw 2 (<i>Grade Level</i>)	<ol style="list-style-type: none"> 1. Pagtalakay sa <i>Child Protection Policy</i> 2. Pagtalakay sa <i>Gender and Development</i>
	Araw 3 (<i>Class Level</i>)	<ol style="list-style-type: none"> 1. Pangkalahatang Konteksto ng Programang K12 2. Benepisyong Makukuha sa Pagtahak sa Mga Sumusunod na Karil: <ul style="list-style-type: none"> - Kolehiyo - Empleyo - Pagnenegosyo
	Araw 4	Komitment ng mga Mag-aaral para sa Taon (sa bawat asignatura)
2	Oryentasyon sa Klase	<ol style="list-style-type: none"> 1. Oryentasyon sa Asignatura 2. Mga Inaasahan mula sa mga Mag-aaral at Guro 3. Mga Polisiya sa Loob ng Silid-Aralan <ul style="list-style-type: none"> - <i>Grading System</i> - Pagdalo (Attendance) - <i>Plagiarism</i> - Pandaraya/Pangongopya - Mga Kahingian sa Asignatura
3		<ol style="list-style-type: none"> 1. Pahapyaw na Pagtalakay sa Nilalaman ng

		Unang Markahan at Introduksyon sa Asignatura Kasunduan – pagsasagawa ng paunang pagbasa sa mga unang aralin sa asignatura		
Linggo	Mga Nilalaman	Mga Kasanayang Pampagkatuto	Pahina	Code
4-5	<ul style="list-style-type: none"> ✓ Wika ✓ Wikang Pambansa ✓ Wikang Panturo ✓ Wikang Opisyal ✓ Bilinggwalismo ✓ Multilinggwalismo ✓ Register/Barayti ng wika ✓ Homogenous ✓ Heterogenous ✓ Linggwistikong komunidad ✓ Unang wika ✓ Pangalawang wika at iba pa 	<ul style="list-style-type: none"> • Naiuugnay ang mga konseptong pangwika sa mga napakinggang sitwasyong pangkomunikasyon sa radyo, talumpati, at mga panayam • Natutukoy ang mga kahulugan at kabuluhan ng mga konseptong pangwika • Naiuugnay ang mga konseptong pangwika sa mga napanood na sitwasyong pang komunikasyon sa telebisyon • Naiuugnay ang mga konseptong pangwika sa sariling kaalaman, pananaw, at mga karanasan • Nagagamit ang kaalaman sa modernong teknolohiya (facebook, google, at iba pa) sa pag-unawa sa mga konseptong pangwika 	1-10	(F11PN – Ia – 86) (F11PT – Ia – 85) (F11PD – Ib – 86) (F11PS – Ib – 86) (F11EP – Ic – 30)
6-7	<ul style="list-style-type: none"> ✓ Instrumental ✓ Regulatoryo ✓ Interaksyonal ✓ Personal ✓ Hueristiko ✓ Representatibo 	<ul style="list-style-type: none"> • Nabibigyang kahulugan ang mga komunikatibong gamit ng wika sa lipunan (Ayon kay M. A. K. Halliday) • • Natutukoy ang iba't ibang gamit ng wika sa lipunan sa pamamagitan ng 	10-13	(F11PT – Ic – 86) (F11PD – Id – 87)

		<p>napanood na palabas sa telebisyon at pelikula (Halimbawa: Be Careful with My Heart, Got to Believe, Ekstra, On The Job, Word of the Lourd http://lourddeveyra.blogspot.com)</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipaliliwanag nang pasalita ang gamit ng wika sa lipunan sa pamamagitan ng mga pagbibigay halimbawa • Nagagamit ang mga cohesive device sa pagpapaliwanag at pagbibigay ng halimbawa sa mga gamit ng wika sa lipunan • Nakapagsasaliksik ng mga halimbawang sitwasyon na nagpapakita ng gamit ng wika sa lipunan 		<p>(F11PS – Id – 87)</p> <p>(F11WG – Ie – 85)</p> <p>(F11EP – Ie – 31)</p>
8-9	<p>Kasaysayan ng Wikang Pambansa...</p> <ul style="list-style-type: none"> ✓ Sa panahon ng Kastila ✓ Sa panahon ng rebolusyong Pilipino ✓ Sa panahon ng Amerikano ✓ Sa panahon ng Hapon ✓ Sa panahon ng pagsasarili ✓ Hanggang sa kasalukuyan 	<ul style="list-style-type: none"> • Nakapagbibigay ng opinyon o pananaw kaugnay sa mga napakinggang pagtalakay sa wikang pambansa • Nasusuri ang mga pananaw ng iba't ibang awtor sa isinulat na kasaysayan ng wika • Natutukoy ang mga pinagdaanang pangyayari tungo sa pagkabuo at pag-unlad ng Wikang Pambansa • Nakasusulat ng sanaysay na tumatalunton sa isang partikular na yugto 	13-14	<p>(F11PN – If – 87)</p> <p>(F11PB – If – 95)</p> <p>(F11PS – Ig – 88)</p> <p>(F11PU – Ig –</p>

		<p>ng kasaysayan ng Wikang Pambansa</p> <ul style="list-style-type: none"> Natitiyak ang mga sanhi at bunga ng mga pangyayaring may kaugnayan sa pag-unlad ng Wikang Pambansa 		<p>86)</p> <p>(F11WG – lh – 86)</p>
10	✓ Final Output	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagawa ng isang sanaysay batay sa isang panayam tungkol sa aspektong kultural o lingguwistiko ng napiling komunidad 	15	(F11EP - lij – 32)

MGA KONSEPTONG PANGWIKA

(Linggo 4-5)

Hindi maaaring kulungin sa iisang kahulugan lamang ang wika, ngunit sinumang bihasa sa pag-aaral nito ay sasang-ayon kung sabihing isa itong kakayahan ng tao nagagamit sa pagkalap at pagbabahagi ng kaisipan, damdamin, at anumang naisin niya. Gamit ang mga simbolo at kaparaanang napagkasunduan ng isang partikular na grupo, nagagawa ng mga partisipant na makipag-unayan sa isa't isa upang makamit ang isang layunin. Bukod pa rito, nagbigay rin ng kanilang pakahulugan ang mga sumusunod na eksperto hinggil sa wika.

“Ang wika ay proseso ng malayang paglikha; ang mga batas at tuntunin nito ay hindi natitinag, ngunit ang paraan ng paggamit sa mga tuntunin ng paglikha ay malaya at nagkakaiba-iba. Maging ang interpretasyon at gamit ng mga salita ay kinasasangkutan ng proseso ng malayang paglikha.” – Noam Chomsky

“Ang wika ay kasintanda ng kamalayan, ang wika ay praktikal na kamalayan na umiiral din para sa ibang tao...ang wika, gaya ng kamalayan, ay lumilitaw lamang dahil kailangan, dahilan sa pangangailangan sa pakikisalamuha sa ibang tao.” – Karl Marx

“...habang pinangangalagaan ng isang bayan ang kanyang wika, pinangangalagaan niya ang marka ng kanyang kalayaan, gaya ng pangangalaga ng tao sa kanyang kalayaan habang pinanghahawakan niya ang sariling paraan ng pag-iisip.” – Jose Rizal


“Kapag kinausap mo ang tao sa wikang kanyang nauunawaan, ito’y patungo sa kanyang isip. Kapag kinausap mo siya sa kanyang wika, ito’y patungo sa kanyang puso.” – Nelson Mandela

Gamit ang mga depinisyonang nabanggit, maaaring bigyang-kahulugan ang wika bilang:

- Nagtataglay ng sistemang balangkas
- Sinasalitang tunog
- Arbitraryo
- Kabuhol ng kultura
- Dinamiko

- Makapangyarihan
- [Lahat ng wika ay] pantay-pantay

GAWAIN 1. Malaki ang ginagampanang bahagi ng wika sa pakikipagkapwa ng mga tao. Sa loob ng radial circle, isulat ang kahalagahan ng wika sa ating pakikipag-ugnayan sa kapwa.



GAWAIN 2. Magsaliksik ng 10 salita sa Filipino na may ibang kahulugan kung sa ibang rehiyon gagamitin. Sundan ang halimbawa sa ibaba.

Salita	Kahulugan ng Salita sa Filipino	Lugar	Kahulugan ng Salita sa Tiyak na Lugar
Taya	Pusta	Cagayan de Oro	Kalawang

GAWAIN 3. Basahin ang bahagi ng artikulong “Politika ng Wika, Wika ng Politika” ni Randy David. Ibuod ang mga kaisipang nagmumula sa nasabing talumpati-sanaysay sa pamamagitan ng pagtatanghal ng *skit* tungkol dito.

Politika ng WikaWika ng Politika

ni Randolph S. David

Pikit-mata kong tinanggap ang imbitasyong ito sapagkat naakit ako sa pamagat ng ating kumperensiya: Politika ng Wika, Wika ng Politika. Akala ko alam ko na ang kahulugan ng mga katagang ito, hanggang sa mapag-isipan kong mabuti. Ngayon, nagsisisi ako kung bakit ako pumasok sa masalimuot na lunggang ito. Pero, bahala na.

Politika ng Wika

Kailanma’y hindi naging neutral o inosenteng larangan ang wika... Ang politika ng wika ay isang perspektiba na sumusuri sa mga epekto sa wika ng tagisan ng kapangyarihan. Angkop na angkop ang ganitong perspektiba sa pag-unawa ng patakaran ng wika sa sitwasyong kolonyal. Ipinakikita nito, halimbawa, ang malalalalim na motibong politikal na nakakubli sa mga pinaka-inosenteng desisyon tungkol sa mga patakarang pangwika. Na ang mga ito’y hindi lamang simpleng pagsunod sa lohika ng mabisang komunikasyon, kundi manipestasyon ng isang malawak na estratehiya ng paglupig o dominasyon.

Marami nang pag-aaral ang naisulat ayon sa pananaw na ito. At marahil kalabisan nang ulitin ang mga ito sa pagkakataong ito. Mas gusto kong bigyang pansin ang mga kahulugang ipinahihiwatig ng mga salitang “Wika ng Politika”, ang kabilang pisngi ng ating tema.

Wika ng Politika

Sa aking palagay, higit pa sa kumbensiyonal na pakahulugan sa politika bilang eleksiyon o rebolusyon ang tinutukoy dito. Mas malawak ang kahulugan ng politika bilang isang larangan ng buhay. Saanman may pagpupunyagi o pagkilos na makalikha ng epekto, doon ay may “will to power” o pagkukusang makapangyari. Ito’y larangan ng politika. Sa madaling salita, hindi kailangang magkaroon ng hayagang paniniil para masabi nating ito’y politikal. Kadalasan, ang epekto ng kapangyarihan ay eksklusyon o pagbaon sa limot. Hindi kailangan na laging may tiyak na awtor na nagplano ng estratehiya ng paglupig para masabi nating ito’y politikal. Kadalasan, ang mga pangyayari’y hindi sinasadya, o produkto lamang ng mahabang serye ng mga pangyayaring walang iisang may akda.

Sa aking palagay ang sitwasyong pangwika sa ating lipunan sa kasalukuyan ay maaari nating tingnan mula sa ganitong punto de vista. Bagama't hindi maitatangi na nagkaroon ng sistematikong programa para mangibabaw at palaganapin ang wikang Ingles sa ating lipunan, hindi ito ganap na ipinaliliwanag kung bakit nabusabos nang ganyan ang ating sariling mga wika, at kung bakit nahihirapang maigpawan ng Filipino ang mga sagka sa pag-unlad nito. Larangan pa rin ito ng politika, subalit mabibigo tayo marahil kung ang ating hahanapin ay isang indibidwal, grupo, o uri na may pakana sa lahat ng ito. At marahil, kung nais nating mabago ang sitwasyon sa isang mapagpasiyang paraan, ang hinahanap natin ay higit pa sa isang bagong opisyal na patakarang pangwika kundi isang bagong praktis na ginagabayan ng isang malakas na hangaring makapangyari. Upang ganap na maunawaan ang aking sinasabi, hayaan niyong banggitin ko ang aking karanasan sa telebisyon.

Taliwas sa inaakala ng marami, hindi po ako pumasok sa telebisyon at nangahas na gumamit ng wikang Filipino bilang midyum ng seryosong talastasan upang kusang tumulong sa pagpapalaganap o pagpapayaman sa atng pambansang wika. Isang masuwerteng aksidente lamang po ang aking paggamit ng Filipino sa aking programa.

Wala sa aking plano o pinirmahang kontrata na maging kampeon ng paggamit ng Filipino sa mass media. Katunayan, ang pamagat ng aking programa, hanggang ngayon, ay sa wikang Ingles. Truth Forum noong una, Public Forum ngayon. Kung alam ko lang mula sa umpisa na magiging talk show pala ito sa wikang Filipino, hindi siguro ako pumayag maging host ng programang ito, at wala sana ako sa harap ninyo bilang isang masugid na tagapagtaguyod ng wikang Filipino. Totoo nga na kung minsan, ang isang maliit na hakbang sa buhay natin ay nagbubukas para sa atin ng isang buong larangang hindi natin inaasahan. Mahirap sabihin kung minsan kung tayo nga ba ang may akda ng ating pagkilos, o tayo lamang ang epekto ng iba't ibang pagkilos o nagkasunod-sunod, mga pagkilos na walang iisang intensiyon.

Halos buong buhay ko bilang isang estudyante at bilang propesor ay aking inilaan sa pagbabasa, pagsusulat at pagsasalita sa wikang Ingles. Sapul sa pagkabata, ang wika ng aming pamilya ay Kapampangan. Nakakaintindi kami ng Tagalog, nagbabasa kami ng komiks sa Tagalog, nanonood ng pelikulang Tagalog, at nakikinig sa programang Tagalog sa radyo. Subali't Kapampangan ang salitang gamit namin, hindi Tagalog at lalong hindi Ingles. Ang Ingles ay pang-declamation lamang, pang-displey kumbaga, isang bandera ng iyong pagka- edukado. At ang Tagalog ang wikang ginagamit sa mga love letter.

Kailanma'y hindi ko pinroblema ang alinman sa ating mga wika; ang sadyang pinroblema ko ay ang wikang Ingles—sapagkat wari'y napakahirap i-master ito, at iilan lang ang may talentong humawak sa wikang ito. Lumaki ako sa paniniwala na ang Ingles ang wika ng

mga edukado, ng mayayaman, ng makapangyarihan at ng mga respetado sa mataas na lipunan. At sino ang ayaw maging bahagi ng mga hanay na iyon?

Sa probinsiya, kung saan ako nag-elementarya at naghay-iskul, nahilig ako sa pagbabasa ng mga komiks at mga magasing tulad ng Liwayway at Bulaklak. Wala itong kinalaman sa pagiging makabansa o pagka-Filipino sapagkat hindi ko natatandaan na ito'y naging isang punto ng pagpapasiya para sa akin. Bahagi lang talaga ng aking mundo sa pang-araw-araw.

Ang sabi ko nga, ang talagang pinagsadyaan ko ay ang wikang Ingles. Nagbasa ako ng maraming libro sa Ingles upang matutunan ang lengguwaheng ito; pangalawa na lamang siguro ang anumang kasiyahang maidudulot ng aking pagbabasa. Pag-aaral para sa akin ang pagbabasa ng Ingles, hindi bahagi ng aliw o pamamahinga.

Sa kabilang banda, ang Kapampangan sa akin ay wikang sinasalita lamang o midyum ng pang-araw-araw na komunikasyon; hindi binabasa at minsan lamang ginagamit sa sulat. Noong ako'y nag-aaral sa England, madalas akong sulatan ng aking ina kalahati sa Ingles, kalahati sa wikang Kapampangan; pero lahat ng wking mga kapatid ay pawang sa wikang Ingles nakikipag-ugnayan sa akin. Sa palagay ko walang kinalaman ito sa anumang likas na kahinaan ng Kapampangan. Bagkus, resulta ito ng unti-unting paglalaho ng mga babasahin sa wikang ito. Bukod sa mga matatandang sarsuwelista at makata, wala nang masipag na nagsusulat sa Kapampangan kahit noong bata pa ako. Nanatili itong simpleng oral na lengguwahe lamang. Pero bakit hindi Tagalog? Palagay ko ang dahilan ay una kaming tinuruan at natututong magsulat sa wikang Ingles, hindi sa Tagalog.

Kaiba ang naging papel ng Tagalog, na mabilis kumalat dahil sa komiks, pelikula, magasin, at radyo. Ang mundong binuksan nito ang nagbigay ng mga modelo sa mga Filipino sa lahat ng sulok ng kapuluan kung paano umibig, mangarap, at mabuhay. Hindi ipagtataka kung ganoon na hindi lamang sa Pampanga kundi sa maraming lalawigan ng bansa, ang mga love letter ay sa Tagalog isinusulat, hindi sa Ingles o Kapampangan at marahil hindi rin sa Cebuano o Ilokano. Hindi dahil sa kulang sa damdamin ang ating pangrehiyong wika, kundi dahil Tagalog ang nagkataong naitampok ng pang masang kultura. Wala tayong dapat ipagpasalamat sa gobyerno sa pagkakaroon ng ganitong sitwasyon.

Noong ako'y nasa elementarya pa, nariyan na rin ang Ingles noon – sa Reader's Digest, sa mga pelikula, sa mga textbuk sa eskuwelahan, at sa mga pocketbook. Subali't hindi pa ito kasing laganap ng Tagalog. Wala ito sa karaniwang pang-abot ng Filipino, kahit high school graduate pa, puwera na lang kung nagtapos ka noong peace time.

Bukod dito, ang wikang Ingles – tulad ng wikang Filipino na pormal na itinuturo bilang asignatura noon – ay wikang hindi natural, o bahagi ng pang-araw-araw na mundo ng karaniwang Filipino.

Nag-iba ang sitwasyong ito para sa akin nang pumasok ako sa UP noong 1961. Sa pamantasan, Tagalog – o marahil ang tinatawag nating Filipino ngayon – ang wika sa dormitoryo. Subali't marami-rami rin ang mas bihasa sa paggamit ng wikang Ingles kahit sa pamng-araw-araw lang. Sa loob ng klase, halos wala nang naririnig na ibang wika kundi Ingles. Ang wikang ito ang masasabi nating humati sa mga probinsiyano at sa mga taga-siyudad. Pawang pelikulang Ingles ang pinag-uusapan sa pamantasan; sa kontekstong ito'y naging bakya ang komiks at pelikulang Tagalog. Mga nobelang Ingles ang pinagpasa-pasahan, hindi Bulaklak at Liwayway. Wala, ni isang subject na itinuturo noon sa katutubong wika. Mga awiting Ingles ang patok, sa loob at sa labas ng pamantasan.

Ang modelo ng makabago at edukadong Filipino ay nilikha mula sa laganap na mga elemento ng Kanluraning sibilisasyon. Ang wikang Ingles ang nagsisilbing pinakamabisang behikulo ng kulturang ito. Sa aking paningin, dito nagsimula ang unti-unting paglubog ng kaluluwang Filipino.

Nagsimula lamang ang pagtutol sa ganitong kalakaran bandang dekada sitenta na. Sa panahong ito, muling natuklasan ang katutubong wika bilang sandata ng pagtutol. Ang pagtutol sa imperyalismong Amerikano ay mas madaling nasakyan nang ito'y naging pagtutol din sa wika ng imperyalista. Sinasadya, may pagkapormal, self-conscious ang paggamit sa wikang Filipino sa panahong ito. Ang katutubong lengguwaheng gamit ang siya na ring pinakadiwa ng mensahe ng paglaya. Pagkatapos ng maraming dekada ng pagkabusabos, noon lang natin inangking muli ang sariling wika bilang mahalagang sagisag ng ating identidad.

Sa isang iglap, ang pinatulog na diwa ng katutubong lengguwahe ay nagising. Ginamit ito bilang sandata sa pakikibaka; puno ng puwersa, galit, at angkop na pananalita. Walang ibang wikang ginamit kundi Filipino para isulat ang ideolohiya ng pagtutol – sa mga dula, awiting makabayan, mga tula, mga manipesto at mga islogan. Sa panahong ito, muling nagsama ang bakya at intelektuwal.

Sapagkat mga kabataan ang nanguna sa muling pagsibol na ito ng wikang katutubo, pinakamalalim ang epekto sa kultura, lalo na sa mga awitin. Hanggang ngayon, patuloy nating inaani ang mga bunga ng pagyabong ng wika sa dekada sitenta – mapapansin ito sa mga awiting rock-protest ng mga banda ng mga kabataang mang-aawit ngayon. Subalit sa ibang larangan, mapapansin din natin na wari'y paatras na naman ang katutubong wika. Ang Ingles,

ang wikang tinutulan ng henerasyon ng dekada sitenta, ay tila ganap nang nakabawi, at ngayo'y higit pang malakas at arogante.

Anong mga kaisipan ang nais kong halawin mula sa ganitong karanasan? At ano ang kinalaman nito sa politika ng wika?

Una, ating mapapansin na ang pag-usbong at paglaho, ang pamumukadkad at pagtiklop ng isang wika, ay resulta ng isang masalimuot na proseso. Maraming puwersa ang naglalaro sa larangang ito, subali't mahirap sabihing may iisang makapangyarihang may akda sa naging kalagayan ng isang wika. Ang isang sitwasyong pangwika ay produkto lamang ng interaksyon ng marami at iba't ibang proyekto. Ang ilan dito ay sadyang tumutukoy sa isang patakaran sa wika. Subali't karamihan ay bahagi lamang ng mga maniobra sa negosyo at politika at hindi tuwirang nakatuon sa pagpapalaganap ng alinmang wika...

Lahat ng public affairs talkshows noon ay sa wikang Ingles lamang ginagawa. Ang Filipino ay ginagamit lamang sa mga movie at celebrity gossip. Ang dahilan nito – ang sabi sa akin – ay sapagkat ang mga talkshows na pang-alas diyos y media ay sadyang para sa middle class at opinion leaders nakatuon. Sila umano ang gising pa sa mga oras na ito, at sila lamang umano ang may interes na makinig sa tipo ng mga isyung pinagtatalunan. Sa kabilang banda naman daw, ang public affairs radio mula sa madaling araw – habang tulog pa ang middle class at elite – hanggang sa pagpasok sa trabaho ay sadyang laan lamang para sa masa.

Mahirap baguhin ang ganitong mga tradisyon sa telebisyon. Kaya natural lamang na sumunod kami sa ganitong kalakaran. Bukod dito, talagang mababa ang aking kakayahang gumamit ng Filipino. Walang kuwestiyon na Ingles ang dapat naming gamiting wika sa Public Forum.

Datapwa't nangyari ito sa unang palabas lamang noong Nobyembre 1986. Sa aming unang pagtatanghal na iyon na ayaw ko nang maulit, lumabas akong isang malaking tanga. Panauhin ko noon si Kumander Dante na kalalabas pa lamang sa bilangguan. Sa bawat tanong ko sa kanya sa Ingles, wala siyang pangingiming sumagot sa Filipino. Bagama't Kapampangan siyang katulad ko, magaan at magandang pakinggan ang kanyang Filipino. Lubha akong napahiya sapagkat nakita ko't nadama ang malaking kahangalan ng pagpipilit magsalita ng Ingles gayong ang kausap mo ay kapwa Filipino at ang pinag-uusapan ninyo ay mga isyung Filipino at ang mga nakikinig ay pawang mga Filipino.

Sa madaling salita, ang aking proyekto sa simula't simula ay ang demokratisasyon lamang ng telebisyon sa pamamagitan ng pagbibigay puwang at tinig sa karaniwang Filipino. Hindi ko kaagad naisip na kung gusto mong marinig ang nais sabihin ng isang Filipino, ang una mong dapat gawin ay igalang ang kanyang wika at hayaan mo siyang mangusap sa tanging

wikang kanyang ginagamit sa pang-araw-araw. Aking natuklasan na kapag pinuwersa mo ang karaniwang mamamayan na makipagtalastasan sa isang wikang dayuhan na bagama't naiintindihan niya'y hindi naman siya nasasalita, lalabas siyang mangmang o walang nalalaman. Subalit kapag ibinalik mo sa karaniwang mamamayan ang kanyang sariling wika, kahit pa diputado o pangulo ay handa siyang makipagtalo. Dito sa parehas na larangang ito ng katutubong wika, liyamado pa siya, sapagkat iyong mga opisyal ng gobyerno at teknokrat na nakalimot na sa sariling wika ang siya ngayong lalabas na uatal-utal at tanga. Akin ding natuklasan na walang matayog, mahirap, o abstraktong kaisipan na hindi maaaring ihayag sa sariling wika. Sa katunayan, nang matuklasan kong muli ang sigla ng ating wika, pinagsikapan ko ring hanapin ang likas na musika nito. At hindi ako nabigo. Ako mismo'y namamangha sa mga kahulugang iniaalay ng ating wika sa sinumang may tiyagang maghanap.

Depende sa reglamento ng laro, kung ganon, ang wika ay kagyat na nagpapalakas o nagpapahina. Kung paano sa telebisyon, ganoon din sa iba pang larangan ng lipunan.

Kapag ang lengguwahe ng ating mga batas at ng paglilitis ay wikang dayuhan, ang gumagamit ng wikang katutubo'y dehado kaagad. Ang kanyang minimithing katarungan ay nakasalalay sa kapritso ng pagsasalin. Isang dating estudyante ko ang kasalukuyang nagsasagawa ng isang pag-aaral tungkol sa sitwasyon ng mga Filipino sa Japan at Amerika na kailangang humarap sa korte. Nais niyang makita kung paanong nasasagasaan ang katarungan dahil sa pagsasalin ng mga court-appointed interpreter. Ang sabi ko sa kaniya ay hindi na niya kailangan pang lumayo sapagkat maski dito sa Pilipinas ay araw-araw nagaganap ang katawatawang sitwasyon ng pagsasalin ng mga testimonya ng mga saksi mula sa wikang Filipino patungo sa Ingles. Mga dayuhan sa sariling bansa!

Kung sabagay, bakit natin ipagtataka ito gayong mismong mga pangulo ng ating bansa'y sa wikang dayuhan nag-uulat sa bayan tuwing pagbukas ng Kongreso. Para na rin nilang sinasabing ang karaniwang mamamayan ay hindi kasali sa bayan. Ito'y pagpapakita lamang na ang sadyang kinakausap ng pangulo at ng matataas na opisyal ng bayan ay yaong iilan lamang na may kakayahang humubog sa kinabukasan ng bayan.

Kapag ang wikang katutubo ay nagagamit lamang kaugnay ng maliliit na bagay na pinag-uusapan, at ang wikang dayuhan ang nakakasanayang gamitin upang ipahayag ang mas mataas na uri ng talastasan – ang wikang katutubo ay nabubusabos habang ang dayuhang wika'y namumukod. Sa kalaunan, ang karamihan ay mag-iisip na nasa wika natin ang depekto, wala sa anupamang patakarang unang ipinairal.

Kapag ang mga iginagalang at mga sikat na intelektuwal ay naririnig at nababasa lamang sa wikang dayuhan at walang ingklinasyon na gumamit ng sariling wika, umaangat sa

paningin ang wikang dayuhan, habang bumababa sa estimasyon ang sariling wika. Kuna walang magpupunyaging isalin sa katutubong wika ang mahahalagang literatura at produktong intelektuwal ng mga banyagang kultura, iisipin ng marami na may likas na kakapusan ang ating sariling wika, at walang ibang lunas kundi pagsikapang pag-aralan ang wikang dayuhan.

Walang wikang umuunlad kung hindi ito nababasa't naisusulat. Walang wikang umuunlad kung ito'y hindi sinasanay na maglulan ng mga kaisipang bago sa ibang mga kultura. Kailangang makipag-usap ang ating katutubong wika sa mga wika ng ibang bansa, sa halip na isantabi ito sa muling pag-aakalang hindi na ito angkop sa nagbabagong panahon.

Halos lahat ng mga bansang nakapagpundar sa sariling pambansang wika, isang wikang ginagamit sa negosyo, politika, pagtuturo, batas at gobyerno, kultura, at pang-araw-araw na komunikasyon, ay ang mga bansang nagpatupad ng isang mahigpit na patakarang pangwika sa simula pa lamang ng kanilang pagsasarili bilang isang bansa. Lahat sila'y gumamit ng poder ng estado upang mabigyan ng sapat na pagkakataon at puwang ang napiling pambansang wika na maging bahagi ng karanasan ng bawat mamamayan. Dahil dito, mas may kahandaan silang tumanggap sa hamon ng mga pandaigdigang wika at lagumin ang mga ito sa loob ng kanilang mga sariling wika. Nakakayanan nilang pagsilbihan sila ng mga dayuhang wika, sa halip na sila'y maging alipin ng mga ito.

Subali't ang isang lipunan na sa simula pa lamang ng kasaysayan nito bilang isang nagsasariling bansa ay nagpatangay na sa dinamismo ng isang pandaigdigang kultura at kabihasan, ay mahihirapan nang gumamit ng awtoritaryong pamamaraan para magpataw ng isang programang pangwika na hayagang sasalungat sa lohika ng modernisasyon at globalisasyong nakabatay sa Ingles. Mahigpit itong tututulan sa ngalan ng demokrasya't katarungan. Sa kabilang banda naman, ang isang bilingguwal na patakaran ay nauwi sa konsuwelo de bobo lamang – kung walang utak na manggagaling mula sa hanay ng mga guro, intelektuwal at mga taong mass media.

Ito ang aking konklusyon: huli na para mangarap tayo ng isang pambansang pamunuang magtatampok sa katutubong wika bilang sagisag ng pagsasarili, at handang itumba ang kaharian ng wikang Ingles sa ating lipunan. Subalit hindi pa huli upang gumising tayo't magkusa – sa bawat maliit na larangang ating kinikilusan – na ipalutang sa himpapawid ang himig ng ating pambansang wika, nang walang pag-aatubili, pag-aalinlangan o pangingimi. Sa madaling salita, kung gusto nating lumaya ang ating wika, gamitin natin itong sandata – ngayon at sa bawat okasyon.

(Pinagkunan: DALUYAN, Tomo VII: Bilang 1-2 1996)

GAWAIN 4. Bisitahin ang sumusunod na link na naglalaman ng talumpati-sanaysay ni Dr. Ricardo Ma. Nolasco hinggil sa multilinggwalismo. Sumulat ng isang sanaysay na hindi lalagpas sa 300 salita tungkol sa artikulong babasahin at iugnay ito sa iyong karanasan sa paggamit ng iba't ibang wika (hal. Kapampangan sa bahay, Filipino at Ingles sa eskwelahan/mall/simbahan).

<http://wika.pbworks.com/w/page/8021683/Maraming%20Wika%2C%20Matatag%20na%20Bansa%20-%20Chairman%20Nolasco>

GAMIT NG WIKA SA LIPUNAN

(Linggo 6-7)

Ang wika ay nagagamit sa iba't ibang paraan at layunin. Maaari itong gamitin upang magtakda ng isang kautusan, magpalaganap ng kaalaman, kumumbinse ng kapwa na gawin o paniwalaan ang isang bagay, bumuo at sumira ng relasyon, kumalinga sa mga nahihirapan at nasisiphayo, at sa marami pang kaparaanan. Ayon nga sa Australyanong linggwista na si M.A.K. Halliday, may iba't ibang gamit ang wika. Tinalakay niya ang mga ito sa kanyang “systemic functional linguistic model.” Nasa ibaba ang 7 gamit ng wika at halimbawa ng mga ito.

Gamit ng Wika	Halimbawa
Ang instrumental na gamit ng wika ay nakatuon sa pagpapahayag ng pangangailangan ng tao, tulad ng anumang kahilingan kaugnay ng pagkain, inumin at iba pa.	“Gusto ko ng gatas.”
Ang gamit na regulatori o regulatoryo naman ay nakapokus sa paggamit ng wika sa pagbibigay ng utos o pagbibigay ng gabay sa posibleng gagawin ng ibang tao.	“Ilipat n’yo ang channel ng TV.”

Samantala, ang interaksyonal naman na gamit ng wika ay nagbibigay-pansin sa pagpapahayag kaugnay ng pagbuo ng ugnayan o relasyon, o anumang gawain ng pakikisalamuha sa ibang tao.	“Share tayo sa chocolate.”
Ang personal na gamit ng wika ay tumutukoy naman sa pagpapahayag ng damdamin, opinyon, at indibidwal na identidad.	“Mabait ako.”
Sa gamit na heuristiko, ang pagpapahayag ay nakatuon sa pagkalap ng impormasyon o kaalaman tungkol sa kapaligiran ng nagsasalita.	“Paano ginagawa ang ice cream?”
Ang gamit na imahinatibo naman ay may kaugnayan sa pagpapahayag ng kwento at joke, at sa paglikha ng kapaligirang imaginary (kathang-isip).	“Parang bulsa ni Doraemon ang wallet ni daddy.”
Ang representasyonal o representatibo naman na gamit ay tumutukoy sa pagpapahayag ng datos at impormasyon.	“Nagpunta sa palengke si tatay.”

Kapansin-pansin na ang mga halimbawang ginamit ay pawang angkop sa sitwasyon ng mga bata. Bunsod ito ng paliwanag ni Halliday na ang mga nabanggit na gamit ng wika ay

makikita sa mga bata, at sa kanyang pananaliksik, unti-unting “umuunlad” ang paggamit ng mga tao sa wika habang tumatanda, kaya’t habang tumatagal ay unti-unting naghahalu-halo ang mga gamit ng wika sa iba’t ibang sitwasyon. Halimbawa, ang pagpapahayag ng datos ay maaaring may kahalong pagpapahayag ng damdamin (kaya’t naghahalo ang gamit na representasyonal at personal).

GAWAIN 1. Bumuo ng isang triad. Manood ng isang talumpati ng isa sa mga kandidato sa pagkapangulo noong nakaraang eleksyon sa Youtube, suriing mabuti ang kaniyang mga pahayag, at tukuyin kung alin sa mga gamit ng wika ang kaniyang isinakatuparan. Magbigay ng mga eksaktong pangungusap. Ibahagi ang oberbasyon sa klase.

May angkop na paraan ng pagpapahayag para sa iba’t ibang sitwasyon at konteksto. Sa paggamit ng wikang Filipino, iba’t ibang paraan din ng pagpapahayag ang ating ginagamit. Halimbawa, magkakaiba ang paraan ng pagpapahayag na angkop at karaniwan sa mga panayam o interbyu, balita, radyo, blog, at social media. Ang mga sumusunod ang ilan sa mga sitwasyong pangwika na akma sa konteksto ng mga mamamayang Pilipino. Makikita sa mga sumusunod na sitwasyon ang pagkakaiba-iba ng paraan ng pagpapahayag partikular sa pormalidad (o kawalan nito) ng wika.

- Wika sa Mga Panayam
- Wika sa Balita
- Wika sa Iba Pang Programa sa Radyo
- Wika sa Iba Pang Programa sa Telebisyon
- Wika sa Social Media at Blog
- Lingguwistiko at Kultural na Pagkakaiba-iba sa Lipunang Pilipino Mula Midya Hanggang sa Mga Pelikula at Dula

GAWAIN 2. Magsaliksik ng iba pang sitwasyong pangwika sa lipunang Pilipino. Magtala ng mga tiyak na salitang madalas gamitin sa napiling sitwasyon, at bigyang-pansin ang pormalidad (o kawalan nito) sa paggamit ng wika. Ibahagi ang iyong tala sa klase.

1. FX/jeep/bus/tricycle driver sa kaniyang mga pasahero at kapwa tsuper
2. Simbahan
3. Rally ng mga manggagawa/magsasaka
4. Health worker sa mga pasyente sa isang Rural Health Unit
5. Usapan ng mga bata sa isang internet shop

6. Pag-uusap ng punong-guro at mga magulang ng mga mag-aaral

GAWAIN 3. Magsuri ng isang dokumentaryo sa telebisyon para sa isang blog article. Ang inyong blog article ay dapat na malinaw na nagbubuod sa nilalaman ng episode na inyong napili, nagpapahayag ng pagsang-ayon o pagtutol sa mga ipinahayag nito, at di hihigit ng 300 salita.

KASAYSAYAN NG WIKANG PAMBANSA

(Linggo 8-9)

Ang kasaysayan ng wikang Filipino ay kasingkulay ng kasaysayan ng bansang Pilipinas. Gaya ng isang buháy na organismo, sumailalim at patuloy na sumasailalim sa pagbabago at pag-unlad ang ating wikang pambansa – mula pa man noong bago dumating ang mga Kastila hanggang sa kasalukuyan.

Sumangguni sa mga sumusunod na link hinggil sa kasaysayan at kasalukuyang kalagayan ng Wikang Pambansa.

<http://kwf.gov.ph/kasaysayan-at-mandato/>

<http://wika.pbworks.com/w/page/8021671/Kasaysayan>

<http://www.gmanetwork.com/news/story/171158/news/nation/kasaysayan-ng-wikang-filipino>

http://www.deped.gov.ph/sites/default/files/order/2013/DO_s2013_034.pdf

<https://www.scribd.com/doc/56032425/Multilinggwalismo-Salbabida-Ng-Wikang-Filipino-at-Mga-Dayalekto-Bagong-Kahingian-Sa-Global-is-a-Dong>

[file:///C:/Users/mlmcantillo/Downloads/Tanggol Wika 30 Hunyo 2015.pdf](file:///C:/Users/mlmcantillo/Downloads/Tanggol%20Wika%2030%20Hunyo%202015.pdf)

http://www.academia.edu/7593747/Kasaysayan_ng_wikang_filipino

GAWAIN 1. Sagutin ang mga sumusunod na tanong hinggil sa kasaysayan ng Wikang Pambansa.

_____ 1. Ang tinaguriang Ama ng Wikang Pambansa.

_____ 2. Ang tawag sa komisyonang nararapat itatag ng kongreso na magsasagawa ng mga pananaliksik para sa pagpapaunlad ng Filipino at iba pang mga rehiyunal na wika sa bansa.

- _____3. Ang wikang batayan ng wikang pambansa.
- _____4. Probisyon sa Konstitusyong 1987 na nagtatakda sa wikang Filipino bilang wikang pambansa.
- _____5. Ito ang ginamit na wika noong Panahon ng Propaganda.
- _____6. Ilang letra ang mayroon sa alpabetong Romano na ipinalit ng mga Espanyol sa Baybayin?
- _____7. Ang kautusang militar na nagtatakda sa Tagalog at wikang Hapon bilang mga opisyal na wika ng Pilipinas.
- _____8. Petsa kung kailan ipinroklama ang Tagalog bilang wikang pambansa.
- _____9. Petsa kung naging Pilipino ang pangalan ang ating wikang pambansa.
- _____10. Ang kalihim ng Edukasyon, Kultura, at Palakasan na nagpalabas ng kautusang pangkagawaran na tumutukoy sa sa paggamit ng katagang “Filipino” sa pagtukoy sa wikang pambansa.

GAWAIN 2. Bumuo ng isang grupong may 3 miyembro, at sa isang manila paper/cartolina, itala ang kasaysayan ng wikang pambansa sa anyo ng isang timeline.

GAWAIN 3. Bumuo ng grupo na may 2-3 miyembro. Gamit ang natutuhan mula sa pagtalakay ng kasaysayan ng wikang pambansa, sumulat ng isang posisyong papel bilang pagsuporta sa adhikain ng Komisyon ng Wikang Filipino o KWF na itaguyod ang wikang Filipino.

Sumangguni sa sumusunod na link sa pagsulat nito. (<http://www.studygs.net/wrtstr9.htm>)

GAWAIN 4. Talakayin sa isang sanaysay ang pag-unlad at kasaysayan ng Wikang Pambansa. Gamitin ang mga sumusunod bilang gabay:

1. Ano ang naging batayang wika ng ating wikang pambansa?
2. Isa-isahin ang mga argumento ng mga eksperto kung bakit natukoy na ito ang nakatutugon sa pangangailangan ng isang wikang pambansa.
3. Ano-anong batas simula noong 1935 hanggang sa kasalukuyan ang nagtataguyod sa wikang pambansa?
4. Tukuyin ang mahahalagang yugto ng kasaysayan na may kinalaman sa wikang pambansa.
5. Ipaliwanag ang kasalukuyang kalagayan ng wikang pambansa.

FINAL OUTPUT

(Linggo 10)

Sa librong “Research Methods for Cultural Studies” na inedit ni Michael Pickering, detalyado niyang tinalakay ang ilan sa mga karaniwang metodo sa pananaliksik-pangkultura na maaaring magamit para sa inyong *final output*. Libreng madadownload ang nasabing aklat sa internet. Narito ang mga nasabing metodo:

- Kwentong-buhay
- Pag-oobserba
- Pakikipamuhay
- Focus Group Discussion (FGD)
- Pagsasagawa ng Survey
- Literature Review
- Pag-iinterbyu
- Documentary/Textual Analysis

GAWAIN 1. Bumuo ng pangkat at tiyakin na ang bawat pangkat ay binubuo ng 5-7 na mag-aaral. Gámit ang mga natutuhan sa buong semestre, magsagawa ng isang pananaliksik-pangkultura hinggil sa anumang makabuluhang paksa na inyong nais saliksikin. Ang inyong pananaliksik ay dapat na naglalaman ng makabuluhang datos at pagsusuri kaugnay ng mga mahahalagang elemento ng kulturang Pilipino (tradisyonal man o kontemporaryo), at mula 20 – 50 pahina, doble-espasyo sa short bond paper, Arial font. Bukod sa awtput ng pangkat, ang bawat mag-aaral ay inaasahang magsusumite rin ng isang kritikal na sanaysay na nagbubuod sa pananaliksik na isinagawa ng kanilang pangkat.